MARS 2021, FILIPPINSK

Mabilis na patnubay sa bakuna para sa coronavirus

Maikling impormasyon mula sa Norwegian Institute of Public Health tungkol sa bakuna laban sa COVID-19 (coronavirus).



Tungkol sa pagbabakuna sa coronavirus?

Ihahandog ang bakuna sa lahat ng taong nirerekomendang kumuna nito.

Libre ito.

Nagbibigay ang bakuna ng proteksiyon laban sa COVID-19.



Paano ka babakunahan?

Ibibigay ang bakuna bilang iniksiyon sa braso.

Ibibigay ang ilang bakuna bilang dalawang dosis ng ilang linggo ang pagitan.

Mag-abiso kung kayo ay buntins, mayroong mga allergy, gumagamit ng mga gamot, may sakit, o nagkaroon ng COVID-19.



Gaano kabuti gumagana ang bakuna?

Karamihan ng mga tao ay protektado laban sa COVID-19 ng 1-2 linggo makalipas silang ganap na mabakunahan.

Sundin ang payo para mapahinto ang pag-kalat ng impeksiyon kahit na nabakunahan ka na.

FHI

Paano gumagana ang bakuna?

Tinuturuan ng bakuna ang katawan para nakilala at maipagtanggol ang sarili nito laban sa coronavirus.

Mabilis na nailalabas ang bakuna mula sa katawan.

Subalit, naaalala ng katawan kung paano ipagtatanggol ang sarili nito laban sa virus.



Mga side effect

Nasubukan ang bakuna sa malalaking pag-aaral sa libo-libong mga tao. Ang mga karaniwang side effect ay:

- kirot sa lugar na iniiniksiyonan
- kapaguran
- masakit na ulo
- masakit na katawan
- lagnat o pangangatog

Hindi kumportable ang mga side effect na ito, pero mawawala makalipas ang ilang araw.



Mga hindi karaniwang side effect

Makipag-ugnay sa doktor o ibang pang-kalusugang propesyonal kung mayroon kang hindi inaasanan, malala o matagalang sintomas makalipas ang pagbakuna.

Kung gusto mo ng higit pang impormasyon tungkol sa coronavirus na bakuna. Tingnan ang website ng Norwegian Institute of Public Health: https://www.fhi.no/kvp

FHI